# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## KAHUSAYAN SA KABUHAYANG *pagkakalabawan*

ISSN 2507-8933

Tomo 8, Blg. 2 | 2023
Pangalawang Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**
CERTIFIED:ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

**Tomo 8, Blg. 2 | 2023**
Pangalawang Isyu



**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, DINE YVE D. DAGANOS, SUNSHINE SABIDALAS, MIKEE AYES ANTONIO
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE
**Tagapayo** CARO B. SALCES



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053) 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


**3** Kwentong 'malayo pa, pero malayo na' ng Top Performing Dairy Farmer sa Panay Island

**6** Ang kalabaw na busog, siksik-lusog na gatas ang handog

**10** Pagbubukas ng oportunidad at tagumpay

**12** Sa kalabaw, nagpaligaw Ngayon, kita'y umaapaw

**16** ALAY SA PAMILYA sa panahon ng pandemya





**PALIWANAG SA PABALAT**

Maituturing na isang natatanging kooperatiba ang San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative sa Tanjay, Negros Oriental dahil sa kooperasyon at pagkakaisa ng mga miyembro nito na maglakas-loob pasukin ang negosyo sa pagkakalabawan na kalauna'y naging susi upang maisakatuparan ang mga pangarap na binuo ng kanilang kooperatiba—ang masaganang kabuhayan at maunlad na samahan.

(LARAWANG KUHA NI **ROWENA GALANG-BUMANLAG**)

# Kwentong 'malayo pa, pero malayo na' ng TOP PERFORMING DAIRY FARMER SA PANAY ISLAND

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**



Malayo pa sa inaasam na tagumpay, pero malayo na sa kinagisnang hirap ng buhay.

Malayo pa sa pagkamit ng lahat ng mga pinapangarap, pero malayo na sa panahong akala'y wala nang pag-asa sa hinaharap.

Malayo pa para huminto sa pagpapagal, pero malayo na at marami nang dapat ipagpasalamat sa Maykapal.

Ganito ang paglalarawan ni Jose Roberto Castromayor, 55, ng barangay Guinhulacan, Bingawan, Iloilo, o mas kilala sa palayaw na "Enog", sa kung gaano kalaki ang naidulot na pagbabago ng gatasang kalabaw sa estado ng pamumuhay niya at ng kanyang buong pamilya.

SUNDAN SA SUSUNOD
NA PAHINA

Masaya ring ibinahagi ni Enog na 50% ang naging kontribusyon ng kita niya sa pagkakalabawan sa pagpapaayos nila ng bahay. Bagama't, aniya, malayo pa sa kanilang dream house, pero malayo na rin kumpara sa dati nilang tinutuluyan. Mula sa 16x20 sq.ft na sukat ng bahay nila noon, ngayon ay nasa 32x10 sq.ft na ang kabuuang sukat nito at may 36x28 sq.ft pa na terrace.

"Iyong sukat ng sala namin ngayon ay 'yon ang kabuuang sukat ng bahay namin noon. Isang kwarto lang, nandoon na rin ang kusina. Pero ngayon, tatlong kwarto na ang mayroon kami at dalawang rest rooms. Bukod sa main kitchen, may dirty kitchen pa kami at may terrace na rin," masayang ibinalita ni Enog.

Dahil sa kita sa kalabaw, nakapagpagawa rin siya ng kalsada mula sa bahay nila papunta sa taniman ng Napier at nakabili ng second hand na sasakyan at mga brand new na motorsiklo para, aniya, hindi mahirap maghakot ng pakain at magdeliver ng gatas. Naipaayos din niya ang kulungan at milking parlor para sa kanyang alagang kalabaw. Kasabay ng kanyang pagpupundar ay sinisiguro rin niyang nakapag-iimpok sila.

Ilan lamang ang mga ito sa mga benepisyong tinatamasa ng pamilya Castromayor magmula nang sumuong si Enog sa pagkakalabawan noong 2017. Ito'y matapos siyang maimbitahang makinig sa isang orientation tungkol sa Carabao Development Program na isinagawa ng DA-PCC sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU).

Maliban sa pag-aalaga ng kalabaw, nagtatanim din






ng palay sa kanilang isang ektaryang bukid pero, patotoo niya, mas malaki ang kinikita niya sa pagkakalabaw kumpara sa pagsasaka. Nagbebenta rin siya ng mga lalaking kalabaw. Sa kasalukuyan, tatlong crossbreds na babaing kalabaw ang inaalagaan ng pamilya Castromayor.

'Top Performing Farmer'

Sa negosyong kalabawan, hindi lang nag-iisa si Enog sa pagganap ng lahat ng kaakibat na mga tungkulin sa gawaing ito. Katulong niya ang kanyang misis na si Ma. Bobette, 50, sa pagsisinop at paglilinis ng mga sisidlan ng gatas. Ang kanyang mga anak naman na sina John Michael, 19, na kasalukuyang kumukuha ng kursong Nautical Science, at Mark Jasper, 17, ang umaasiste sa kanya sa paggagatas, pagpapaligo, at pagpapakain ng mga kalabaw.

"Alam ng pamilya ko kung gaano kalaki ang naitutulong sa'min ng gatasang kalabaw kaya naman inihahanda ko na rin ang mga anak ko na



“Noon, para makabili kami ng diapers ng mga anak namin kailangan pa namin magbenta ng alagang manok at palay dahil walang ibang mapagkukunan. Ngayon, dahil sa biyaya ng Diyos na mga gatasang kalabaw ay nalampasan na namin ang yugto ng buhay namin na ganoon.”

**JOSE ROBERTO CASTROMAYOR**

Carapreneur

Guinhulacan, Bingawan, Iloilo

manahin ang kabuhayang ito balang araw,” ani Enog.

Dahil sa pagtutulungan ng bawa't miyembro ng pamilya sa kanilang kalabawan at naipamalas na kahusayan sa pag-aalaga, pinarangalan si Enog bilang Top Performing Dairy Buffalo Farmer ng DA-PCC sa WVSU noong 2020 at 2022. Kinilala siya sa buong lalawigan na may pinakamataas na naitalang produksyon ng gatas ng kalabaw na inaasistehan ng DA-PCC sa Panay Island.

Batay sa datos ng DA-PCC, nakakolekta ng kabuuang 1,981.75 litro ng gatas si Enog noong 2022 na may katumbas na kita na PHP158,540 dahil sabay-sabay na gumagatas ang kanyang mga alaga. Siya rin ang may pinakamaraming gatas na nakuha noong 2020 na umabot sa 4,019.97 litro mula sa apat na kalabaw niya noon at kahit kasagsagan ng pandemya ay nagpatuloy pa rin siya sa pagdedeliver ng gatas sa kanilang kooperatiba.

Aniya, karamihan sa gatas ng kanilang koop noong panahon ng pandemya ay binili ng LGU para ipamahagi sa mga frontliners.

Si Enog ay isa sa mga board of directors ng Calinog Farmers Agriculture Cooperative (CFAC). Aniya, binibili ng koop sa halagang PHP80 ang isang litro ng gatas, kung may milk feeding program naman ay nasa PHP100 kada litro ang halaga nito. Noong 2022, nasa 11,964 ang kabuuang bilang ng mga batang mag-aaral sa Passi City at Iloilo na nabenepisyuhan ng milk feeding program ng DepEd at DSWD na kung saan supplier ang CFAC.

Sa loob ng anim na taon sa pagkakalabawan, maituturing na malayo na nga ang naging lakbayin ni Enog nguni't batid niya sa kanyang sarili na malayo pa ang kanyang mararating sa kabuhayang ito kalakip ang dedikasyon sa pag-aalaga at solidong suporta ng kanyang pamilya.




Ang katagang “malayo pa, pero malayo na (still far, but getting closer)” ay isang sikat na quote na kalimitang mababasa sa social media.  Kadalasan itong ginagamit upang ipahayag ang ideyang bagama't ang isang bagay o tao ay malayo pa sa distansya o pag-unlad, sila ay unti-unting lumalapit o nagpapakita ng pag-usad tungo sa isang layunin o destinasyon. Nagpapahiwatig ito na kahit na malayo pa ang dapat tahakin ay dapat ding pahalagahan ang mga “small wins” o iyong mga naabot nang pag-unlad.

# Ang kalabaw na busog, siksik-lusog na gatas ang handog

NI **DINE YVE DAGANOS**






"**H**uwag mo silang tipirin sa pagkain, hayaan mo silang magpakabusog pero huwag mo rin silang sagarin."

Yan ang pahayag ni Jeffrey Cueco nang tanungin ang kanyang mga kasanayan sa pag-aalaga ng kanyang mga kalabaw. Sa pamamagitan ng pamamaraan niyang ito ay nakamit ng kanyang kalabaw ang titulo bilang Best Dairy Buffalo na pure-bred senior cow sa ginananap na National Carabao Conference noong Nobyembre ika 15 hanggang 16 nitong nakaraang taon sa Philippine Carabao Center (PCC) National Headquarters sa Science City of Muñoz.

Laking Sta. Cruz, Baybay City, si Jeffrey, 38, kung saan pangingisda at pagsasaka ang nangungunang kabuhayan ng mga residente dito. Ang lahat ng kanyang kaalaman sa pag aalaga ng mga hayop ay natutunan niya sa kanyang amang si Gregorio, 67, na lumaki rin sa pagsasaka. Ang kanyang ama rin ang nanghimok sa kanya na sumubok sa carabao dairying.

Taong 2017, minsang iniwan ni Gregorio ang dalawang kalabaw sa pangangalaga kanyang anak habang pansamantala siyang nanatili sa Dapitan upang sumailalim sa pagsasanay ng therapeutic massage service bilang karagdagang pagkakakitaan. Dito mas lumawak ang kaalaman ni Jeffrey sa dairying at kalaunan ay nawili siyang mamuhunan dito.





**Pakikipagsapalaran**

Sa una, hindi gaano pinagtutuunan ng pansin ni Jeffrey ang kanilang mga kalabaw dahil nakagisnan lamang ang mga ito bilang katuwang sa pag-araro ng bukid at pagbubuhat ng mga saka. Subalit, kalaunan ay nabago ang buong pananaw niya rito noong aktwal niyang naranasan ang pangongolekta ng mga gatas at pagbenta nito. Sa halagang 70 pesos kada litro, hindi inaasahan ni Jeffrey na ganon kalaki ang pakinabang sa gatas ng kalabaw.

Magmula noon, sineryoso ni Jeffrey ang pagkakalabaw. Sinimulan niya ang pagpapaayos ng koral para sa mga kalabaw at regular na pagkonsulta sa mga Artificial Insemination (AI) technician mula sa PCC sa Visayas State University (VSU) para mapabuntis at maparami pa ang kanilang mga kalabaw.

Sa kasalukuyan, nasa 15 na ang bilang ng inaalagaang kalabaw ng mag-ama na kinabibilangan ng 4 na lalaki at 11 na babaeng kalabaw.

Sinikap din ni Jeffrey na sumailalalim sa pagsasanay bilang AI technician sa ilalim ng DA-PCC sa VSU para hindi na nila kailangang tumawag ng mga empleyado mula rito sa tuwing mangangailangan sila ng AI services. Nag-hire din siya ng dalawang katulungan sa pag-aalaga ng mga kalabaw tuwing weekdays habang siyay nasa trabaho bilang quarantine officer. Gayunpaman, gusto niyang masanay ang mga kalabaw sa kanya kayat naglalaan siya ng oras na pakainin o paliguan ang mga ito pagkatapos ng kanyang trabaho at tuwing sabado at linggo.

Ang bahagi ng lupang kinatatayuan ng koral at milking parlor ng mga kalabaw, kabilang na ang bahaging pinagsasakahan ng mag-ama para sa damong pakain sa mga alaga ay nirentahan din ni Jeffrey para sa pagpapalago ng kanilang dairy business.

Katulad ng ibang nagnenegosyo, nandyan din ang ilang pagsubok na pagdadaanan. Nangunguna na dito ang kasalukuyang inflation sa mga bilihin na nagdudulot ng sakit sa bulsa. Halimbawa,ayon kay Jeffrey, mula 700 pesos hanggang 800 pesos ay tumaas ang presyo ng feeds sa halagang 1000 hanggang 1200 pesos per kilo. Dahil dito, minsan ay umaasa siya sa mga damong legumbre bilang alternatibo para hindi makompromiso ang sustansya ng pagkain na binibigay sa kalabaw.

SUNDAN SA SUSUNOD
NA PAHINA

Maliban dito, nandyan din ang gastos sa upa at pambayad ng kanilang mga katulungan sa farm.

"Kung gusto mong maging maayos at maganda ang operasyon ng iyong negosyo, kailangan mo talagang gumastos," ani ni Jeffrey.

"Gayunpaman, nababawi naman namin ang mga gastos kapag nagsimulang magggatas ang mga kalabaw at nakakapagbenta na ulit kami, kaya gusto ko talagang maparami pa ang mga gatasang kalabaw namin para sa mas mataas na kita" dagdag nito.

**Good practices sa pagkakalabaw**

Sa pagpapakain, hindi tinitipid ni Jeffrey ang kanyang mga kalabaw lalong lalo na sa tuwing buntis ang mga ito at kapapanganak pa lamang. Pinaghalong feeds at damo ang karaniwang diet ng mga alaga ni Jeffrey.


"Minsan pinapakain ko rin sila ng mais kapag season ng mais. Hinahaluan ko ito ng molasses, corn bran, at asin,' dagdag ni Jeffrey.

"Pagpatak ng alas-otso ng umaga, dadalhin namin sila sa tabing ilog para maligo at magpalamig lalong lalo na ngayong tag-init. Doon din sila kumakain ng mga damo na tumutubo sa tabi ng ilog. Pagsapit ng ala-ona saka namin sila ibabalik sa kanilang koral," dagdag nito.

Mae, Anne, Thaleya, Sheena, Jane, Bea, at Queenie – pawang pangalan ng mga magagandang dilag. Ito ang ilan sa mga pangalang ibinigay sa mga kalabaw nina Jeffrey at ang dalawang kasama sa bukid. Bumabagay naman sa kanilang pangalan ang espesyal na pag-aalagang natatanggap nila kay Jeffrey na mababakas sa malulusog at pintog na pangangatawan ng mga ito.

Maliban sa gatas na nakokolekta nila na umaabot sa 15 hanggang 19 litro mula sa apat nilang naggagatas na kalabaw, napagkakakitaan din ni Jeffrey and dumi ng mga kalabaw. Binebenta niya ito sa halagang 150 pesos bawat sako at 15 pesos per kilo naman kapag ginawang vermicompost. Paminsan minsan din nilang ibinebenta ang mga lalaking bolo kapag nasa tamang pangangatawan na ang mga ito.

Buo ang isip at tiwala ni Jeffrey na ipagpatuloy ang sinimulang negosyo. Plano niya ring magdagdag ng mga kalabaw para maparami pa ang produksyon nila ng gatas na maibenta. Gayundin, naghahanda siya para sa pagpapalawak ng kanilang milking parlor na ipapatayo sa mas angat na bahagi upang makaiwas sa baha lalo na tuwing tag-ulan.








> Karagdagang seguridad ko rin pang pinansyal ang dairying maliban sa tarabaho ko. Masaya rin ako na magsilbing inspirasyon sa kapwa ko mga magsasaka para tangkilikin ang paggagatas ng kalabaw. Gusto ko ring ipakita na malaki ang kita sa dairying kahit gayunman na nagrerenta lang ako ng lupa para isakatuparan ito”. Ⓚ

**JEFFREY CUECO**

Carapreneur
Sta. Cruz, Baybay City



# PAGBUBUKAS NG *oportunidad at tagumpay*

NI **SUNSHINE SABIDALAS**

Sa pagpapakain ng kanyang mga kalabaw, hindi lang umaasa sa mga pangkaraniwang damo si Jose Glenn Pabroquez, 58, mula sa Barangay Gabas, Baybay, Leyte. Mula sa dahong legumbre, malunggay, hanggang sa halaman ng gumamela, masigasig si Glenn na gumalugad at magsiyasat ng iba pang halaman na pwedeng makapagbigay ng karagdagang sustansya sa kalabaw at magdagdag ng sarap sa gatas nito.



Lumaki sa pagsasaka at pag aalaga ng ibat-ibang klase ng hayop si Glenn kabilang na dito ang pag-alaga ng native na kalabaw na ginagamit nila bilang pag-aararo ng kanilang sakahan para sa tanim na gulay. Nagtapos din sa kursong Bachelor of Science in Animal Science si Glenn taong 1987. Kaya naman, hindi nakapagtatakang maalam si Glenn sa paghahayopan at hands on siya rito. Gayunpaman, hindi pa siya pamilyar noon sa paggagatas ng kalabaw.

Minsang napabisita si Glenn sa isang kaibigan sa kanilang lugar na naggagatas ng kalabaw. Agad siyang nagkainteres dito at nagtanong-tanong tungkol sa mga kinakailangan proseso para makapag-alaga ng kalabaw mula sa Philippine Carabao Center (PCC).

Umurong sa una si Glenn nang malamang kailangang sumailalim sa pagsasanay ang mga aplikante bago maaaring mapagkalooban ng kalabaw. Gayunpaman, pumayag din siya hindi kalaunan sa nais na masiyasat at mapabuti pa ang paggagatas ng kalabaw sa lugar nila.

Pagkatapos ng dalawang araw na training, nagpamiyembro narin si Glenn sa Baybay Dairy Cooperative na inaasistahan ng DA-PCC sa Visayas State University.

Wala sa plano ni Glenn ang pakikibahagi sa kooperatiba. Aniya, napasubo lang daw siya noon sa pagpapanggap ng kaibigang na nagimbita sa kanya na karagdagang pagsasanay lamang ang dadalohan nila.

"Hindi ako naniniwala noon sa kooperatiba kasi sa ilang koop na naobserbahan ko ay walang malaking pagbabago. Naisahan lang ako ng kaibigan ko noon kaya napilitan akong makibahagi sa membership ng koop," pagkukwento ni Glenn.

Gayunpaman, unti-unti namang napawi ang mga negatibong kaisipan ni Glenn sa kalakaran ng kooperatiba. Kalaunan ay napagkalooban din siya ng isang kalabaw at sinikap na magsanay bilang AI technician.

**Buhay magkakalabaw**

Mahalaga ang bawat oras para kay Glenn. Alas singko palang gumigising na siya para pakainin at paliguan ang kanyang mga kalabaw. Pagkatapos ay saka niya gagatasan ang mga inahin pati sa hapon. Umaabot ng 12 liters na gatas ang nakukuha ni Glenn sa kanyang kalabaw sa isang araw. Ang mga nakolektang gatas ay agad naman niyang binebenta sa Baybay Dairy Cooperative sa halagang PHP 70 kada litro.

Di kalaunan, nabuntis ulit ang kalabaw ni Glenn at ngayon ay nakatuon siya sa pagpapalahi ng kalabaw, pag hihikayat sa mga interesadong magsasaka at sa pagpapabuti sa kalusugan



ng mga ito. Para mapanatili ang magandang pangangatawan at mataas na produksyon ng gatas.

Ayon kay Glenn, hindi lang sa kalusugan nakaaapekto ang mga pagkain na pinipili para sa alagang kalabaw kundi pati narin sa sarap ng gatas na pinoprodyus nila. Ito rin ang isa sa mga tinututukan ni Glenn sa kanyang pagsisiyasat ng ibat-ibang diet para sa kanyang mga kalabaw.

Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, nakamit ng kalabaw ni Glenn ang Best Dairy Buffalo – Crossbred Senior Cow Award sa ginanap na National Carabao Conference noong 2022 sa Philippine Carabao Center, National Headquarters Genepool, Nueva, Ecija.

Hindi man sinasadya ang pakikipagsapalaran ni Glenn sa pagkakalabawan ay niyakap at pinanindigan niya ito sa huli. Sa katotohanan, malaki ang pasasalamat niya dahil naging mahalagang instrumento ang kanyang pagkakalabaw na mapa-unlad ang buhay nilang magkakapamilya. Nakapundar siya ng Pig shed at napag-tapos din niya ng koliheyo ang isa niyang anak habang kasalukuyang ginagawa ang kanilang pangatlong bahay. Ngayon, nagsisilbi na siyang tagapagtaguyod ng koop bilang isang board member.



**"Lahat namn tayo ay may kanya kanyang pananaw sa buhay kailangan mo lamang muna paghirapan ang isang bagay bago mo ito makuha o mapakinabangan. Dahil ang bawat problema ng tao ay may kalakip na solusyon, hindi naman yan ibibigay sa atin kung hindi natin kayang lagpasan. Nasa atin lang din naman kung paano ireresolba at lahat ng yan meron tayong matutunan".**

**GLENN PABROQUEZ**

Carapreneur
Gabas, Baybay City

# Sa kalabaw nagpaligaw, ngayon, kita'y umaapaw!

NI **RONALINE CANUTE**

Limang oras ang binabagtas ng DA-PCC sa USM upang makarating sa Pangi, Maitum, Sarangani. Sa bilis ng takbo ng kanilang sasakyan, daig pa nila ang isang binatang hahamakin ang lahat upang masilayan ang dilag na kanyang nililigawan.

Ngunit sa unang pagtatagpo ay hindi agad nakasagot ang PMPC sa nanliligaw na si DA-PCC dahil may pag-aalangan pa itong nararamdaman.

"Nong dumating ang DA-PCC, hindi pa namin pinansin kasi kalabaw na naman 'yan. Sayang lang ang pera ng gobyerno na ipamigay sa mga farmers tapos iiwan din lang" panimulang kwento ni PMPC Manager Ronald Briones.

Umalis man ng bigo ang DA-PCC, nag-iwan naman sila ng mga babasahing magasin na nakatawag nga pansin kina Ronald. Laon ng magasin ang mga



kwentong tagumpay ng mga carapreneurs sa iba't ibang panig ng bansa.

"Parang maganda pala ito. Ginanahan ako sa nabasa ko," naka-ngiting ani Ronald.

Napag-alaman din ni Ronald na ang proyekto ay pinondohan ng opisina ni Senator Cynthia A. Villar.

"Ang una ko naisip hindi basta basta 'yan. Hindi pag-aaksayahan ni senator ng panahon iyan kung hindi magandang mapakinabangan. Popondohan nila ito na walang silbi, imposible" dagdag pa niya.





**"Ito lang ang project na nakita magkakapera muna si farmer bago ang ko-op, napakaganda dahil kompleto. Merong Dairy Box at meron pang feeding program na sasalihan, wala ka nang masasabi pa."**

## RONALD BRIONES

**PMPC Manager**
**Pangi, Maitum, Sarangani**

Upang actual pa nilang maranasan at makita ang biyayang handog ng gatasang kalabaw, dinala sila ng DA-PCC sa USM sa mga matatagumpay na carapreneurs. Sa family module, naging halimbawa nila ang mga maggagatas sa Canahay, Surallah, South Cotabato. Bumyahe rin silang Kabacan, North Cotabato upang mabisita ang kalabawan ni Dominic Paclibar. Para sa marketing naman ay dinala sila sa Dairy Box ng Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative sa Pres. Roxas, North Cotabato at sa dairy outlet ng DA-PCC sa USM.

"Isang bus kaming naglibot. Naantig ako sa kwento ni Dominic Paclibar at doon sa nakita naming tagumpay," dagdag pa ni Ronald.

**Ito na 'yon**

Sa isang bakanteng lote sa tapat ng munisipyo ay may nakatayong tarpaulin na kakabasaan ng, 'soon to rise, Pangi Dairy Box.' Dito itatayo ang isang pasilidad

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

na balang araw ay magiging pangalawang tahanan ng mga dairy farmers sa lugar.

Hindi nagtagal ay tinurn-over ang kompletong dairy enterprise package sa PMPC. Ang package ay kinabibilangan ng 50 dairy buffaloes at isang Dairy Box processing plant and marketing outlet.

Malaki ang naging papel din ng lokal na pamahalaan ng Maitum sa pangunguna ni Mayor Alexander Bryan B. Reganit. Nagbigay siya ng 250 sqm sa PMPC bilang kanyang suporta sa kanilang negosyo.

Ngunit bago pa ang Pangi sa dairying. Kung hihintayin nila ang 50 dairy buffaloes na maggatas ay aabutin sila ng taon. May Dairy Box nga ngunit walang gatas na maibenta. Dahil dito, binigyan sila ng DA-PCC sa USM ng mga pagsasanay sa pagproseso ng gatas kung saan hindi lang mga staff ang nagtraining. Kabilang din sa mga dumaan sa pagsasanay ang kanilang mga leader.

Ayon kay Nasrola Ibrahim, CBED Coordinator ng DA-PCC sa USM, ang sikreto sa matagumpay na negosyo ay ang mga nasa tungkulin ay dapat matuto at ma-involve rin sa mga prosesong ginagawa ng kanilang mga miyembro.

Pagkatapos mapatayo ang Dairy Box at magkaroon ng sapat na training, bumili ang PMPC ng mga gatas na ani ng mga dairy farmers mula sa Lake Sebu at Canahay, Surallah, South Cotabato sa halagang PHP70 kada litro.

Kanila itong pinoprocess at ginagawang ice cream, ice candy, at inumin. Ang malinamnam na lasa ng mga




**Pagkatapos mapatayo ang Dairy Box at magkaroon ng sapat na training, bumili ang PMPC ng mga gatas na ani ng mga dairy farmers mula sa Lake Sebu at Canahay, Surallah, South Cotabato sa halagang PHP70 kada litro.**

**Kanila itong pinoprocess at ginagawang ice cream, ice candy, at inumin. Ang malinamnam na lasa ng mga ito ay naggaganyak sa mga estudyante tuwing recess, lunch break, at uwian.**



ito ay naggaganyak sa mga estudyante tuwing recess, lunch break, at uwian.

Ang Dairy Box ng PMPC ang kauna-unahan sa probinsya ng Sarangani kayat maraming nagkaka-interesadong mag-resell sa kanilang mga dairy products.

"Ito lang ang project na nakita magkakapera muna si farmer bago ang ko-op, napakaganda dahil kompleto. Merong Dairy Box at meron pang feeding program na sasalihan, wala ka nang masasabi pa."

Ito ang naging pahayag ni Ronald nang tanungin siya kung ano ang nakita niyang maganda sa proyekto sa loob ng maiksing panahon nilang pagkaroon ng dairy business.

Ang kanilang ko-op na nagsimula bilang samahan ng mga magsasaka sa Pangi noong 90s ay marami ring hirap na nalagpasan. Naranasan nilang umutang sa traders, ma bankrupt, mag-loan, at madapa ng pandemya ngunit hindi nila naisipang magsara ng pinto sa mga magsasakang umaasa sa kanila.

Ang kanilang pinapanalangin at pinaghahandaan sa ngayon ay ang makapag-supply sila sa milk feeding program ng DSWD.

"Huwag tayong masyadong mabilis, baka madapa tayo," hirit pa ni Ronald.

**Agyaman kami**

'Agyaman kami' ay salitang Ilokano, ang pangunahing lenggwahe ng Maitum na nangangahulugang salamat.

"Maraming salamat sa DA-PCC dahil hindi nila kami sinukuan. Kahit pandemic bumabalik sila rito para ipakilala ang mga magagandang dulot ng gatasang kalabaw," pasasalamat ni Ronald.

Bilang sagot sa pasasalamat ng PMPC ay nagbahagi rin si Ibrahim ng kanyang personal na pasasalamat sa kanila bilang isang CBED Coordinator.

"Noong Ktalk nong 30th anniversary, nakikinig ako at na realize ko na kung wala pala tayong nagawa sa mga pinagsisilbihan natin, wala tayong maiiwang legacy. Balang araw, may maipagmalaki tayo dahil ang mga ko-op na namomonitor natin ay nagkaroon ng income. Kaya palagi kong sinasabi, hindi ko susukuan ang mga farmers araw man o gabi, typhoon man o may covid," panimula ni Ibrahim.

Sa tradisyunal na paraan ng panliligaw, ang binata ay hahamakin ang lahat upang masagot ng kanyang napupusuang dilag.

"Kung susukuan mo ang trabaho mo, anong legacy ang maiiwan mo na maaalala sa'yo ng mga tao. Nabubuhay ang pamilya natin dahil sa mga farmers kasi kung wala sila, wala tayong trabaho at sweldo. Nabuo ang ahensya natin dahil sa kania kaya ibinabalik lang natin sa kanila ang tamang serbisyo," madamdaming pagtatapos ni Ibrahim.




**"Maraming salamat sa DA-PCC dahil hindi nila kami sinukuan. Kahit pandemic bumabalik sila rito para ipakilala ang mga magagandang dulot ng gatasang kalabaw".**

**RONALD BRIONES**



# Alay sa pamilya sa panahon ng pandemya

NI **MIKEE AYES ANTONIO**

**S**a Local na bayan ng Porac Pampanga naninirahan ang Mag-anak na Manlapaz na kung saan ay isang pamilya ng OFW (Overseas Filipino Worker). Sa loob ng walong taon si Rabbi, 29 anyos ay isang Medical Laboratory Technician sa New Zealand at si Camille Manlapaz, ay isang Food Technologist sa Italy. Ang kanilang ama ay isang OFW sa Saudi Arabi na sa loob ng dalawang dekada ay bibihirang makauwi ng Pilipinas, ang kanilang ina naman ay isang housewife.

Habang Naninirahan sa ibang bansa, Si Rabbi siya ay naudyukan ng pangunahing respetadong dairy exporter sa mundo kung saan ay may makabagong teknolohiya sa agrikultura at magandang Sistema ukol sa Gatasang Kalabaw.

Dito nakita ni Rabbi ang potensyal ng kanilang Bukirin. Kaya't gamit ang kanyang libreng oras, Nag-sagawa si Rabbi ng iba't ibang konsultasyon at pag-sisiyasat sa mga proseso ng pagawaan ng gatas ng kalabaw sa Pilipinas upang mailapat ang ilang mga epektibong pamamaraan sa kanyang sakahan na kanyang natutunan sa sa New Zealand.



Dumating ang pag-siklab ng pandemyang COVID—19 noong 2022, at napag-pasyahan ng mag-asawang Rabbi at Jeth na mag-bakasyon sa Pilipinas noong Disyembre 2022, upang makasama ang kanilang mga pamilya. Sa halip na bumili ng tradisyunal na "Pasalubong", bumili ng forage/silage chopper si Rabbi upang mapadali ang pag-hahanda ng mga pag-kain ng kanilang mga alagang hayop bukod sa kalabaw.

Sa panahon na ito, may dalawang Pamilya ng AETA na panaka-nakang tumutulong sa kanilang bukirin upang mapaulad ang mga pananim na namumunga sa kanilang sakahan at kasama sa pag-aalaga ng kanilang mga kalabaw. Sa kanyang kagustuhan na lumawig ang kaalaman ng mga katutubong Aetas, nais ituro ng pamilyang Manlapaz ang mga tamang pamamaraan sa pag-sasaka at pag-aalaga, at dahil dito, naging inspirasyon ng pamilyang Manlapaz na mag-bigay ng pang-matagalang trabaho sa mga katutubong Aetas, na kung saan ay kamakailang iginawad sa publiko ang "certifications of their ancestral territory" taong 2022. Bilang karagdagan sa kanilang layunin naisip ni Rabbi, na upang magampanan ito, kinakailangang gamitan ng upgade mula sa tradisyunal na-pag-sasaka tungo sa moderno ngunit cost-effective na pamamaraan.

Bukod sa nakitang potensyal ng pamilyang Manlapaz sa Dairy Farming at Dairy Processing. Isa sa kanyang adhikain sa susunod na mga panahon ay bumuo ng isang assosasyon upang maka-tulong sa iba pang local na dairy farmer. Bukod rito pangarap ni Rabbi na ang kanilang Dairy Farm ay maging isang Multiplier Farm. Kaya naman noong Enero 2023, pormal na itinatag ang kanilang sakahan at

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA










ipinangalan bilang "Manlapaz-David Dairy Farm" ito ay bilang isang parangal sa kanyang pamilya, na matatagpuan sa bayan ng Jalung, Porac Pampanga.

Ang tiyuhin ni Rabbi na si Nile David ay isang Animal Science Consultant na kung saan ay isang dalubhasa sa pag-tuturo ng pangangalagang pag-kalusugan ukol sa pang-kahayupan, isang halimbawa ang pagmamaraan ng Artificial Insemination upang maparami ang kasalukuyang imbentaryo ng MDDF.

At sa kaniyang ilang linggong bakasyon sa Pilipinas inilaan ni Rabbi ang kanyang oras sa pananaliksik ukol sa "Dairy Processing" pati narin ang pakikipag-ugnayan sa Local Government Unit (LGU) at pag-pupulong kasama ang Punong Lungsod ng Porac, Pampanga.

Hindi rito natatapos ang kanyang pag-sulong sa kanyang pangarap. Kamakailan noong Pebrero sa

**Nakita ng pamilyang Manlapaz ang potensyal sa pag-market ng kanilang gatas na kanila namang sinimulan ang kanilang Negosyo na pinangalanang "PUKLO", na ang sagisag na Logo ay hango sa "Sungay ng kalabaw" at "Teat o suso" na nagpa-pahiwatig na "Nature has her own way of turning grass into abundant, delicious, and nutritious milk."**

kasalukuyang taon 2023, humingi ng tulong sa DA-PCC (Department of Agriculture, Philippine Carabao Center), si Rabbi sa pamamagitan ni Dr. Ericson N. Dela Cruz na kasalukuyang Center Director ng DA-PCC at CLSU (Central Luzon State University), na tiniyak na ang kanyang grupo ay ipupulong upang mag-bigay ng anumang kinakailangang suportang teknikal ukol sa Carabao-Based Enterprise Development (CBED) at sa mga kinakailangan pag-sasanay. Mula Marso hanggang Mayo 2023, ang PCC at CLSU ay nag-sagawa ng iba't ibang uti ng pag-sasanay sap ag-proseso ng produkto gaya ng "Pasteurized milk, Chocolate Milk, Kesong Puti, Pastillas, coffee Milk at Ice Cream, pati narin ang Wastong pamamaraan sa pag-hawak ng Gatas ng kalabaw.

**Ang pag-sibol ng Puklo**

Dahil dito nakita ng pamilyang Manlapaz ang potensyal sa pag-market ng kanilang gatas na kanila namang sinimulan ang kanilang Negosyo na pinangalanang "PUKLO", na ang sagisag na Logo ay hango sa "Sungay ng kalabaw" at "Teat o suso" na nagpa-pahiwatig na "Nature has her own way of turning grass into abundant, delicious, and nutritious milk."

Ang pamilyang Manlapaz ay naniniwala na ang MDDF ay mapapanatili ang kanilang sakahan kung maibibigay nila ng inobasyon, maganda at matibay na imprastraktura, tamang proseso ng pag-hawak ng gatasang kalabaw, pag-gawa ng produkto at angkop na modernong kasanayan sa pag-sasaka at pag-buo ng Dairy Processing Plant.

Naniniwala ang pamilyang manlapaz na walang imposible, dahil sa suportang kanilang nata-tanggap mula sa Lokal na Pamahalaan ng Porac at ng mga kasama nito. Ang lahat ng pag-susumikap ng mag-kapatid ay alay para sa kanilang magulang na sina Rey Manlapaz at Josefina David Manlapaz, ang kanilang planong bumalik at manirahan sa Pilipinas ay upang mapunan at makabawi sa mga taon na hindi nila nakasama ang kanilang ama sa loob ng halos dalawang dekada.

Ang "PUKLO" ay nagbukas ng kasalukayang taon 2023 Buwan ng Abril ay nag-bukas na sa publiko upang bilhan ng na produktong gawa s agatas ng kalabaw na matatagpuan sa Stall #6 Ground Floor, L&M commercial Building General Luna Street, Cangatba, Porac Pampanga.



I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool. Makibahagi rin sa buwanang Cara-Aralan webinar Series ng PCC. Sundan lamang ang aming Facebook page para malaman ang schedule ng webinar activities at maaccess ang registration form at Zoom link.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

Ang Cara-Aralan ay libreng online seminar na isinasagawa ng PCC sa pamamagitan ng Zoom meeting. Sakop ng talakayan ang ibat ibang paksa tungkol sa pagkakalabawan kabilang na ang animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, dairy production, processing and marketing, at cooperative development.

CARA ARALAN Webinar Series




### BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

### TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

### COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

### FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

### PRODUCTION OF QUALITY FEEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

### LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

### ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.

www.pcc.gov.ph

DA- Philippine Carabao Center